



Code of Ethics for School Interpreters

Communicating Effectively with Your Child's School

Mandato ng mga batas-Pederal sa mga paaralan na maipalam sa mga magulang ng mga nag-aaral ng Ingles sa pamamagitan ng wikang naiintindihan nila ang mga impormasyon tungkol sa anumang programa, serbisyo, o aktibidad na ibinabahagi sa mga magulang na matatas sa Ingles. Kasama sa mga impormasyong ito ang:

- Rehistrasyon at pagpapatala sa paaralan
- Mga programa ng tulong sa wika
- Kard ng pag-uulat
- Mga proseso at tuntunin ng pagdisiplina sa mag-aaral
- Mga komperensiya ng magulang at guro
- Mga proseso ng paghahain ng hinaing
- Mga manwal ng mag-aaral at magulang
- Mga programa para sa mga gifted at may talento
- Mga paaralang magnet at charter
- Pagtuturo sa espesyal na mag-aaral at mga nauugnay na serbisyo
- Impormasyon tungkol sa mga akbitidad na labas sa kurikulum
- Mga notisya ng diskriminasyon

Ang isang tagasalin sa pagsasalita (interpreter) ay isang taong makapagbibigay ng suporta sa wikang sinasalita kapag may mga pagpupulong kasama ang guro ng inyong anak o iba pang mga tauhan ng paaralan nang harapan, sa video o sa telepono. Ang tagasalin sa panulat (translator) ay isang taong makatutulong sa inyo upang maintindihan ninyo ang mga dokumentong orihinal na nakasulat sa Ingles sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga ito sa wikang pinipili ninyo. Upang gumana ang pagsasalin sa pagsasalita (interpretation), lahat ng mga kasali sa usapan ay kailangang makipagkoopera, magtanong, at humiling ng pag-ulit at paglilinaw kung kinakailangan. Tandaan, kung mayroon kayong hindi naiintindihan, hilingin sa interpreter na linawin ito o ipalam ito sa tauhan ng paaralan. Ipararating ng interpreter ang inyong kahilingan ngunit hindi niya dapat sagutin nang direkta ang inyong tanong. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga tuntuning dapat sundin ng mga interpreter at translator kapag tinutulungan nila kayo sa paaralan.

PAGIGING KUMPIDENSIYAL: Kailangang laging protektahan ng mga interpreter ang inyong mga impormasyon at ang mga impormasyong kaugnay sa inyong anak. Ang mga impormasyong ibinabahagi sa pagpupulong o sa mga dokumento, gaya ng mga rekord ng mag-aaral, transkrip, o mga rekord na medikal ay kailangang panatilihin pribado, maliban na lamang kung binibigyan ninyo ng pahintulot na ibahagi ito sa mga guro o iba pang mga tauhan ng paaralan.

Ang Akto ng Mga Karapatang Pang-edukasyon at sa Pagkapribado o FERPA ay isang batas na nagpapaliwanag kung paano pinoprotektahan ang impormasyong ito: <https://www2.ed.gov/policy/gen/guid/fpco/ferpa/index.html>

KAWALAN NG KINIKILINGAN: Kailangang laging walang kinikilingan ang interpreter at hindi siya maaaring magbigay sa inyo ng sangguni, payo, o personal na opinyon o paniniwala. Kapag gumagampan siya bilang interpreter ninyo, hindi siya maaaring humikayat sa inyo na pumili ng isang desisyon laban sa iba pang desisyon.

PAGKAHUSTO: Kailangang ipahiwatig ng interpreter ang sinasabi ninyo, nang husto sa sinasabi ninyo, nang hindi iniiba ang inyong mensahe o tinatangal ang impormasyong sinabi ninyo. Maaaring hilingin sa inyo ng interpreter na linawin ninyo ang isang salita o ang sinabi ninyo upang masigurado niya na tama at husto ang pagsasalin niya sa sinasabi ninyo.

PAGGALANG: Kailangang laging may paggalang ang interpreter sa inyo at sa mga tauhan ng paaralan. Kailangang lutasin niya ang anumang di-pagkakasunduan nang may propesyonismo. Kung naramdaman ninyong kayo ay hindi nirespeto kailanman, mahalagang ipalam ninyo ito agad sa paaralan.

ADBOKASIYA: Susuportahan kayo ng interpreter habang pinoprotektahan ninyo ang inyong mga sariling karapatan at sisiguraduhin niyang naririnig ang inyong tinig. Kung maramdaman ninyong mayroong hindi makatarungan para sa inyo o sa anak ninyo, mahalagang ipalam ninyo ito sa paaralan.





Code of Ethics for School Interpreters

Communicating Effectively with Your Child's School

<p>MGA HANGGANANG PROPESYONAL: Sa isang pagpupulong, gagampan lamang ang interpreter bilang tagasalin. Matutulungan niya kayong makipagkomunika sa iba pang mga tauhan ng paaralan na makakasagot sa iba pa ninyong mga tanong at pinag-aalalahanan.</p>	<p>PROPESYONALISMO: Kailangang manatiling propesyonal ang interpreter. Hindi dapat nahuhuli ang interpreter sa pagpupulong at kailangang magpakita siya ng paggalang sa inyo at sa eskwela sa lahat ng oras.</p>
<p>KAMALAYANG PANGKULTURA: Kailangang magpakita ng paggalang sa inyo, sa inyong anak, at sa inyong mga paniniwala at gawing pangkultura ang interpreter. Maaaring linawin ng tagasalin ang mga hindi pagkakaintindihang may kinalaman sa kultura sa pagitan ng mga guro at magulang, ngunit kailangang tatanungin niya muna kayo tungkol sa inyong palagay o naiisip.</p>	<p>PROPESYONAL NA PAGLILINANG: Kailangang patuloy na mag-aral ng mga bagong kakayahan at bokabularyo ang interpreter upang matulungan niya kayong maintindihan ang mga impormasyon. Hindi dapat titigil sa pag-aaral ang interpreter.</p>

Narito ang mga halimbawa ng mga salita o pariralang magagamit ninyo kung kailangan ninyo ng paglilinaw mula sa isang interpreter o isang tauhan ng paaralan, o kung kailangan ninyo ng higit pang impormasyon kapag nasa isang pagpupulong.

English phrases	Salin sa inyong wika
Please repeat that.	Pakiulit nga.
Can you please explain this one more time?	Puwedeng pakipaliwanag muli ito?
There are many words I don't understand. Can you please explain them in another way?	Maraming salita akong hindi maintindihan. Pakipaliwanag nga ang mga ito sa ibang paraan?
If I have questions after the meeting, how can I let the school know?	Kung may mga tanong ako pagkatapos ng pagpupulong, paano ko ito maipararating sa eskwela?
I will need an interpreter for our next meeting. I speak: _____	Kailangan ko ng isang tagasalin (interpreter) sa susunod nating pagpupulong. Nagsasalita ako ng _____





Code of Ethics for School Interpreters

Communicating Effectively with Your Child's School

Can I please have these documents translated to my language?	Puwede bang isalin ang mga dokumentong ito sa wika ko?
Can you please explain what this word means?	Puwede mo bang pakipaliwanag ang kahulugan ng salitang ito?
I would like to schedule another conference with my child's teacher and will need an interpreter.	Gusto kong mag-iskedyul ng panibagong kumperensiya kasama ang guro ng anak ko at kailangan ko ng isang tagasalin (interpreter).
What else can I do to help my child?	Ano pa ang puwede kong gawin para matulungan ang anak ko?
What can I do if my child needs help?	Ano ang puwede kong gawin kung kailangan ng anak ko ng tulong?

